



# Ang mga Pilipino na lumalaban sa mga halimaw ng Kaliwa Dam

MGA KWENTO ng Epekto ng BRI ng Tsina

Guhit at Kwento ni Aldy
Base sa Pagsaliksik ng Local Community Partner




Alam kong mahaba-haba pa itong lakaran.




Lahat naman kami napapagod.
Pero kahit gaano kalakas ang aming mga sigaw,
parang hindi pa rin nila kami naririnig.



Siguro kailangan lang namin itong mas lakasan pa, siguro kung ganun, makakarating din sa kanila ang mensahe namin. Sana lang mangyari na yun bago pa kami mawalan ng boses at tuluyan nang mapagod sa mahahabang lakaran na ito.



Pero sanay na kami sa ganito. Isa hanggang dalawang oras na lakaran ang daan papasok sa trabaho, kung saan kami nagtatanim ng mga halamang-ugat at gulay para sa mga pamilya namin.



Nakakatuwang isipin na ang ganitong kaliit na bagay ay balang-araw lalaki rin. Ganado ako lagi sa trabaho dahil dito.



Pagkatapos ng maghapong trabaho, nagsasama-sama kami at nagpapalitan ng mga kuwento. Pinag-uusapan din naming kung paano kami magtutulungan sa komunidad. Pinag-uusapan namin ang mga problemang nakaka apekto sa amin.




Kagaya ng nakita namin isang araw na nagdulot sa amin ng pangamba.



Sabi nila solusyon daw and tinatayo nila. Pero ang naaalala ko lang dito ay yung mga higante at halimaw sa mga kuwentong binabasa ko noon kasama ang mga anak ko, pero mas nakakatakot at mas totoo.



Simula noon, parang laging may mga madidilim at mabibigat na ulap sa amin.



Kaparehong  mga ulap noong dumating ang bagyo na bumaha sa aming tahanan at lahat ng meron kami. Alam kong kaya kaming protektahan ng mga puno at kabundukan, pero hindi kaya kung ito ay mahina at bugbog na.




Nandoon lang sila umaaligid sa lupang kinuha na nila sa amin upang bigyan daan ang tinatayo nila. Dati nakapagtatanim kami ng mas maraming uri ng pagkain doon. Nakakamiss ang lugar na iyon.



Parang paliit na nang paliit ang aming tahanan. Mayroon mga lugar dito kung saan kami nagbibigay pasalamat para sa magandang ani at mga pagpapalang natatanggap namin, kung saan din kami kumakanta, nagsasayaw at nagdiriwang. Pero nangangamba kaming pati iyon ay kunin nila sa amin.



Kailan kaya nila kami maririnig? At kalian sila makapagbibigay ng mas mainam na solusyon na hindi magbibigay sa amin ng mas maraming problema. Maski na hindi na para sa amin, pero para sa mga maiiwan na lang namin.




Mahaba-haba pa itong lakaran, pero nais ko pa silang makitang lumaki, sumayaw, at kumanta nang malaya...dito sa aming tahanan.